

Disaster Prevention Drill para sa mga banyagang residente

~Ating pag-aralan ang kalamidad na mangyayari
sa Inuyama ! ~



Kung may darating na kalamidad katulad ng lindol, baha (mula sa umapaw na ilog), black out (pagkaputol ng serbisyo ng kuryente) ngayong araw, alam mo ba ang nararapat mong gawin? Upang maprotektahan hindi lamang ang sariling buhay kundi maging ng iyong pamilya, sama-sama nating pag-aralan ang mga katangian ng kalamidad na maaaring mangyari sa Inuyama at ano ang mga paghahandang dapat isagawa !

Kailan	Pebrero 9, 2020; Ala- 1 : 30 ~ 4 : 00 ng hapon (13 : 30~16 : 00)
Saan	Inuyama Fire Main Department , 3 Fl. ※Walang elevator. (Adres : Inuyama-shi, Ooaza Goroumaru, Aza Shimo-maeda 1)
Bayad	Libre ang partisipasyon (Hindi kailangan magbayad)
Edad ng partisipante	Mula edad 16 taong gulang ay maaaring makiisa.
Interpreter	Mayroon (Ingles, Intsik, Portuges, Espanyol, Tagalog, Vietnamese)
Parking	Mayroon ※Hangga` t maaari ay mag-angkas dahil na rin sa limitadong espasyo ng parking.
Nararapat na Kasuotan	Pantalón, rubber shoes, mainit sa katawan na damit, hindi maaari ang sapatos na may takong.
Deadline ng pagpapalista	Ipaalam sa amin ang inyong ① Pangalan ② Numero ng telepono na gagamitin sa araw ng drill ③ Wikang nais ipa-interpret hanggang sa Enero 20, 2020; Miyerkules
Paraan ng pagpapalista	Magpasa ng aplikasyon sa Inuyama City Hall, Tourism Exchange Division Counter (3 Fl.), o tumawag sa telepono o mag-E-mail. ※Sarado ng Disyembre 28, Sabado hanggang Enero 5, Linggo. Telepono : 0568-44-0343、 E-mail : 040500@city.inuyama.lg.jp

Iskedyul sa araw ng pagsasanay

PM 1 : 10 Magsisimula ang tanggapan ng partisipante

PM 1 : 30



- ① Ating pag-aralan ang tungkol sa kalamidad na mangyayari sa Inuyama

Ating matututunan ang uri ng mga kalamidad na maaaring mangyari sa Inuyama.

- ② Ating pag-aralan ang mga paghahandang dapat isagawa sa oras ng kalamidad

Makikita natin dito ang mga bagay na dapat ihanda bago pa man dumating ang kalamidad, pagkain, mga gamit na kailangan sa pang-araw-araw sa pagdating ng kalamidad.

Hindi lamang ang pamumuhay sa evacuation sites (lugar kung saan maaaring lumikas), kundi mga bagay na kapaki-pakinabang kapag naputol ang serbisyo ng tubig o kuryente.

- ③ Ating subukan ang mga paraan ng paggamot sa injury o sugat

Matututunan ang mga dapat gawin kapag may nasugatan, nabilaukan, ang heart massage para sa

mga taong huminto ang pagtibok ng puso (muling patitibukin ang puso sa pamamagitan ng pagmasahe sa dibdib)



- ④ Ating pag-aralan ang pagbuhat sa mga nasugatan

Matututunan ang wastong pagbuhat sa mga taong nasugatan

Maaari itong maisagawa kahit walang anumang kagamitan.



- ⑤ Ating subukan ang intensity ng pag-uga sa oras ng lindol

May darating na sasakyan kung saan mararanasan ang matinding pag-uga sa oras ng lindol.

Mararanasan kung gaano kalakas ang Magnitude 7 na nanalasa sa Great East Japan Earthquake.

PM 4 : 00 Pagtatapos ng pagsasanay